
to its information. Where practicable, the Company will also endeavor to post on its website all supplemental information that is given to analysts, institutional investors and other market professionals such as data books, fact sheets, slides of investor presentations or other relevant materials.

The CFO is also responsible for responses to electronic inquiries. Only public information or information which could otherwise be provided in accordance with this policy will be utilized in responding to electronic inquiries.

In order to ensure that no Undisclosed Material Information is inadvertently disclosed, Employees may not participate in Internet chat rooms or newsgroup discussions on matters pertaining to the Company's activities or its securities. Employees who encounter a discussion pertaining to the Company should advise the CFO promptly, so that discussion may be monitored, if determined appropriate.

The Company will not host or link to chat rooms, bulletin boards or news groups and will not link to or post analyst's reports on its website.

kanilang impormasyon. Kung magagawa, magsusumikap ang Kumpanya na ipaskil sa kanyang website ang lahat ng mga suplementong impormasyon na ibinigay sa mga analista, establisadong namumuhunan at iba pang mga propesyonal sa merkado tulad ng mga libro ng datos, fact sheets, slides sa mga pagtatanghal sa namumuhunan o iba pang mga kaugnay na mga materyales.

Ang CFO ay responsable rin sa mga kasagutan sa mga elektronikang pagtatanong. Tanging ang pampublikong impormasyon o impormasyon na maibibigay batay sa patakarang ito ang gagamitin sa pagsagot sa mga elektronikang pagtatanong.

Upang matiyak na walang Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon ang maisisiwalat ng hindi sinasadya, ang mga Empleyado ay hindi makakalahok sa mga silid usapan sa Internet o mga grupong nagtatalakay ng mga balita tungkol sa mga aktibidad o securites ng Kumpanya. Dapat magsabi kaagad sa CFO ang mga Empleyadong nakatagpo ng isang talakayan tungkol sa Kumpanya upang ang talakayan ay masubaybayan, kung ito'y nalamang hindi angkop.

Ang Kumpanya ay hindi mag-aanyaya o kokonekta sa mga silid usapan, bulletin boards o news groups at hindi kokonekta sa o magpapaskil ng mga ulat ng analista sa kanilang website.

PART II CONFIDENTIALITY

14. When Information May Be Kept Confidential

Where the immediate disclosure of Material Information would be unduly detrimental to the interests of the Company, its disclosure may be delayed and kept confidential temporarily. Keeping information confidential can only be justified where the potential harm to the Company or to investors caused by immediate disclosure may reasonably be considered to outweigh the undesirable consequences of delaying disclosure and where confidentiality of the information is maintained.

Examples of circumstances in which disclosure might be unduly detrimental to the interests of the Company include: (a) where the release of information would prejudice the ability of the Company to pursue specific and limited objectives or to complete a transaction or series of transactions that are underway; (b) where the disclosure of the information would provide competitors with confidential corporate information that would be of significant benefit to them; and (c) where the disclosure of information concerning the status of ongoing negotiations would prejudice the successful completion of those negotiations.

All decisions to keep Material Information confidential must be made by either Company's Senior Management or the directors of the Company. In such circumstances, the Company will comply with any obligation to make a confidential filing with applicable securities regulators and maintain confidentiality of the information.

15. Access to Confidential Information

Employees will be given access to confidential information on an "as needed" basis only and must not disclose that information to anyone except with the prior approval of a Disclosure Officer and where such disclosure is in the necessary course of business (e.g., discussions with the Company's bankers or advisers where the disclosure of the confidential information is necessary and the persons receiving it understand that it is to be kept confidential). Other circumstances where disclosure may be considered in the "necessary course of business" may include communications with: (i)

PANGALAWANG BAHAGI KUMPIDENSYALIDAD

14. Kailan ang Impormasyon ay Mapapanatiling Kumpidensyal

Kung saan ang dagliang pagbubunyag ng Materyal na Impormasyon ay di-marapat na makapipinsala sa mga interes ng Kumpanya, ang pagsisiwalat na ito ay maipagpapaliban at pansamantala munang gagawing kumpidensyal. Ang pagpapanatiling kumpidensyal ng impormasyon ay mabibigyang-katwiran lamang kung saan ang mga potensyal na pinsala sa Kumpanya o sa mga namumuhunan na idinulot ng madaliang pagsisiwalat ay maituturing na higit na malaki kaysa sa di kanais-nais na ibubunga ng pagpapaliban ng pagbubunyag at kung saan ang kumpidensyalidad ng impormasyon ay mapapanatili.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga sitwasyon kung saan ang pagsisiwalat ay baka di-marapat na makapinsala sa mga interes ng Kumpanya ay: (a) kung saan ang pagpapalabas ng impormasyon ay makahahadlang sa kakayanan ng Kumpanya na ituloy ang partikular at limitadong mga layunin o upang kumpletuhin ang transaksyon o serye ng mga transaksyon na isinasagawa; (b) kung saan ang pagsisiwalat ng impormasyon ay magbibigay sa mga kakumpitensya ng kumpidensyal na pang-korporasyong impormasyon na may malaking benepisyo sa kanila; at (k) kung saan ang pagbubunyag ng impormasyon hinggil sa katayuan ng mga kasalukuyang negosasyon ay makasasama sa matagumpay na pagtatapos ng mga negosasyong iyon.

Upang mapanatiling kumpidensyal and Materyal na Impormasyon lahat ng mga desisyon ay dapat gawin ng Mataas na Tagapangasiwa o ng mga direktor ng Kumpanya. Sa ganitong mga sitwasyon, ang Kumpanya ay susunod sa anumang obligasyon upang gumawa ng isang confidential filing sa mga angkop na nagkokontrol ng securities at pananatilihin ang kumpidensyalidad ng impormasyon.

15. Paggamit sa Kumpidensyal na Impormasyon

Ang mga Empleyado ay makakagamit sa kumpidensyal na impormasyon sa batayang "kung kinakailangan" lamang at hindi dapat isisiwalat ang impormasyong iyon sa sinuman maliban kung may nauna nang pahintulot ng Opisyal ng Pagbubunyag at kung saan ang gayong pagsisiwalat ay kinakailangan sa takbo ng negosyo (hal., talakayan sa mga bankero ng Kumpanya o tagapayo kung saan ang pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon ay kailangan at naiintindihan ng taong tumatanggap na ito ay

vendors, suppliers or strategic partners; (ii) employees, officers and directors; (iii) lenders, legal counsel, auditors, financial advisors and underwriters; (iv) parties to negotiations (e.g., in connection with a private placement or acquisition); (v) labour unions and industry associations; (vi) government agencies in non-governmental regulators; and (vii) credit rating agencies. Selective disclosure of Material Information to an analyst, institutional investor or other market professional is not generally considered in the "necessary course of business". Employees must not discuss confidential information in situations where they may be overheard or participate in discussions regarding decisions by others about investments in the Company.

16. **Disclosure of Confidential Information**

In the event that confidential information, or rumors respecting the same, is divulged in any manner (other than in the necessary course of business), the Company is required to make an immediate announcement on the matter. The Exchange must be notified of the announcement in advance in the usual manner.

17. **Disclosure of Information to Outsiders**

Before a meeting with other parties at which Undisclosed Material Information of the Company may be discussed in compliance with this policy, the other parties should be told that they must not divulge that information to anyone else, other than in the necessary course of business, and that they may not trade (or tip) in the Company's securities until after the information is publicly disclosed and a reasonable period of time for its dissemination has passed. Generally, a "reasonable period of time" will be two (2) business days after information is publicly disclosed. In such circumstances, the feasibility of having such parties enter into a confidentiality agreement with the Company should be considered.

pananatiliing kumpidensyal. Ang iba pang mga sitwasyon kung saan ang pagbubunyag ay maituturing na "kinakailangan sa takbo ng negosyo" ay kinabibilangan ng mga komunikasyon sa mga: (i) nagbebenta, tagapagtustos o nakaplanong kasosyo; (ii) empleyado, opisyal at direktor; (iii) nagpapautang, legal na tagapayo/abogado, tagasuri, pinansyal na tagapayo at underwriters; (iv) mga partido sa negosasyon (hal., kaugnay sa isang private placement o pagkakamit); (t) mga unyon at kapisanan ng industriya; (vi) mga ahensya ng gobyerno sa mga di-pampamahalaang nagkokontrol; at (vii) ahensyang ng nagbibigay grado sa pagpapautang. Ang mga piling pagbubunyag ng Materyal na Impormasyon sa isang analista, institusyonal na namumuhunan o iba pang mga propesyonal sa merkado ay hindi karaniwang itinuturing na "kinakailangan sa takbo ng negosyo". Hindi dapat talakayin ng mga Empleyado ang kumpidensyal na impormasyon sa mga sitwasyon kung saan sila'y madidinig o makibahagi sa mga talakayan tungkol sa mga desisyon ng iba tungkol sa pamumuhunan sa Kumpanya.

16. **Pagsisiwalat ng Kumpidensyal na Impormasyon**

Sa pangyayaring ang kumpidensyal na impormasyon, o mga bulong-bulungan katulad nang nasabi, ay naisiwalat sa anumang paraan (maliban sa kinakailangan sa takbo ng negosyo), ang Kumpanya ay kinakailangang gumawa ng isang madaliang anunsyo sa bagay na ito. Ang Exchange ay dapat paalamanan nang maaga tungkol sa anunsyo sa nakagawiang paraan.

17. **Pagsisiwalat ng Impormasyon sa mga Tagalabas**

Bago ang isang pulong kasama ang iba pang mga partido kung saan ang Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon ng Kumpanya ay matatalakay bilang pagsunod sa patakarang ito, ang ibang mga partido ay dapat sabihan na hindi nila dapat isiwalat sa iba ang nasabing impormasyon, maliban sa kinakailangan sa takbo ng negosyo, at hindi sila makakapagkalakal (o makakapag-tip) sa mga securities ng Kumpanya hanggat hindi natapos ang pagbubunyag ng impormasyon sa publiko at ang makatwirang panahon para sa kanyang pagpapalaganap ay nakalipas na. Karaniwan, ang isang "makatwirang panahon" ay dalawang (2) araw ng pagnenegosyo matapos nang pagbunyag ng impormasyon sa publiko. Sa ganitong mga sitwasyon, ang posibilidad ng pagkakaroon ng gayong mga partido na pumasok sa isang kumpidensyal na kasunduan sa Kumpanya ay dapat isaalang-alang.

**PART III
TRADING POLICY**

18. General Prohibition

No Employees or Restricted persons may trade in the securities of the Company when they are aware of Undisclosed Material Information. In addition, Employees or Restricted Persons are prohibited from informing, or "tipping", anyone else about that information. This prohibition extends to other securities whose price or value may reasonably be expected to be affected by changes in the price of the Company's securities and includes the granting or exercise of unit options. Rapid buying and selling by Employees and Restricted Persons of the Company's securities is strongly discouraged because of the possible perception of trading on Undisclosed Material Information.

19. Information Officers

For purposes of this Policy, Will Kalutycz, Chief Financial Officer and George Paleologou, President and Chief Executive Officer have been designated as the Information Officers. Employees or Restricted Persons who are subject to routine Blackout Periods (as described below) must contact an Information Officer to obtain permission before executing any trades in any securities of the Company.

20. Undisclosed Material Information of Other Companies

Where Employees or Restricted Persons become aware of Undisclosed Material Information concerning another public company, they may not trade (or tip) in the securities of that company until the information is publicly disclosed and a reasonable period of time for its dissemination has passed. Generally, a "reasonable period of time" will be two (2) business days; however, it may be shorter or longer depending upon the particular market following of that other company. An Information Officer should be consulted to determine what would be a "reasonable period of time" in the circumstances.

**IKATLONG BAHAGI
PATAKARAN SA PANGANGALAKAL**

18. Pangkalahatang Pagbabawal

Walang mga empleyado o restriktadong tao ang makikipagkalakalan sa mga securities ng Kumpanya kapag may alam sila sa Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon. Bukod pa rito, binabawalan ang mga Empleyado o Mga Restriktadong Tao mula sa pagpapaalam, o "pagtitip", kaninoman tungkol sa impormasyong iyon. Ang pagbabawal na ito ay umaabot sa iba pang mga securities na ang presyo o halaga ay makatwirang maaasahan na maapektuhan ng mga pagbabago sa presyo ng securities ng Kumpanya kasama ang pagbibigay o paggamit ng mga mapagpipiliang bahagi. Ang mabilisang pamimili at pagbebenta ng mga Empleyado at Mga Restriktadong Tao ng mga securites ng Kumpanya ay matinding pinipigilan dahil posibleng maipalagay na ito ay pangangalakal sa Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon.

19. Mga Opisyal ng Impormasyon

Para sa mga layunin ng Patakarang ito, si Will Kalutycz, Punong Pananalaping Opisyal, at si George Paleologou, Presidente at Punong Ehekutibong Opisyal ay itinalaga bilang Mga Opisyal ng Impormasyon. Ang mga Empleyado o Mga Restriktadong Tao na napapailalim sa regular na Blackout Periods (tulad ng tinutukoy sa ibaba) ay dapat makipag-ugnayan sa isang Opisyal ng Impormasyon upang kumuha ng pahintulot bago gumawa ng anumang mga pangangalakal sa anumang mga securities ng Kumpanya.

20. Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon ng Ibang mga Kumpanya

Kapag ang mga empleyado o Mga Restriktadong Tao ay nakaalam ng Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon na may kinalaman sa ibang pampublikong kumpanya, hindi sila maaaring mangalakal (o magtip) sa mga securities ng kumpanyang iyon hanggang sa maibunyag ang impormasyon sa publiko at ang makatwirang panahon para sa pagpapalaganap nito ay nakalipas na. Karaniwan, ang "makatwirang panahon" ay dalawang (2) araw ng pagnenegosyo; gayunman, ito ay maaari ding mas maikli o mas mahaba depende sa partikular na kalakaran sa merkado ng naturang ibang kumpanya. Ang Isang Opisyal ng Impormasyon ay dapat konsultahin upang malaman kung ano ang magiging "makatwirang panahon" sa mga sitwasyon.

21. Restricted Persons

Restricted Persons are prohibited from trading whenever there are Pending Material Developments, even if they are unaware of the details of the same. In the circumstances where there is Pending Material Information with respect to the Company, a confidential memo will be sent to all Restricted Persons, as well as to other Employees if it is determined appropriate, informing them of the Blackout Period with respect to such Pending Material Development at which time they shall cease trading until further notice. No reason for the trading restriction will be provided.

As an alternative to a total prohibition on trading during a Blackout Period, Company's Senior Management and employees may make the determination that trades may occur during the Blackout Period but only with the express prior approval by the Information Officer of each such trade. Specifically, Insiders and senior management / employees must submit a written request, with documented reason for the trade and details of the trade, to each of the Company CFO and President and CEO for written approval prior to any trades during a Blackout Period.

Company's Senior Management is responsible for making the determination as to when a pending transaction would constitute a Pending Material Development. As guidance, a Blackout Period must at least commence once negotiations on a proposed transaction have progressed to a point where it reasonably could be expected that the market price of the Company's securities would materially change if the status of the transaction were publicly disclosed.

22. Blackout Period

No Employee or Restricted Person shall trade in the Company's securities when Material Information has not been disclosed and for a reasonable period of time following the disclosure of that information. Generally, a "reasonable period of time" will be two

21. Mga Restriktadong Tao

Ang Mga Restriktadong Tao ay limitado mula sa kalakalan tuwing may mga Nakabinbin na Materyal na Pag-unlad, kahit na hindi nila alam ang mga detalye ng ng mga ito. Sa mga sitwasyon kung saan may Nakabinbin na Materyal na Impormasyon tungkol sa Kumpanya, ang kumpidensyal na nakasulat na mensahe ay ipaadala sa lahat ng Mga Restriktadong Tao, pati na rin sa iba pang mga Empleyado kung ito ay nalamang angkop, nagpapaalam sa kanila ng Panahon ng Blackout kaugnay sa nasabing Nakabinbing Materyal na Pag-unlad, at sa gayong pagkakataon, sila'y titigil sa pangangalakal hanggat sa susunod na abiso. Walang dahilan para sa paghihigpit sa kalakalan ang ibibigay.

Bilang alternatibo sa isang lubusang pagbabawal sa kalakalan sa Panahon ng Blackout, ang Mataas na Pangasiwaan at empleyado ng Kumpanya ay maaaring gumawa ng determinasyon na ang mga pangangalakal ay maaaring mangyari sa panahon ng Blackout Period kung may nauna nang ipinahayag na pahinutulot ang Opisyal ng Impormasyon sa nasabing kalakalan. Lalo na ang mga Tagaloob at mataas na pangasiwaan / empleyado ay dapat magsumite ng isang nakasulat na kahilingan, na may dokumentadong dahilan para sa kalakalan at mga detalye ng kalakalan, sa bawat isang CFO ng Kumpanya at President at CEO para sa nakasulat na pahinutulot bago ang anumang mga pangangalakal sa Panahon ng Blackout.

Ang Mataas na Pangasiwaan ng Kumpanya ay responsable sa pagpapasya kung kailan ang nakabinbin na transaksyon ay magiging bahagi ng isang Nakabinbin na Materyal na Pag-unlad. Bilang patnubay, ang isang Panahon ng Blackout ay dapat magsimula kahit man lang sa panahon na ang iminungkahing transaksyon ay umunlad sa punto kung saan makatwirang maaasahan na ang presyo sa merkado ng mga securities ng Kumpanya ay magbabago nang malaki kung ang katayuan ng transaksyon ito ay ibinunyag sa publiko.

22. Panahon ng Blackout

Walang Empleyado o Restriktadong Tao ang mangangalakal sa mga securities ng Kumpanya kapag ang Materyal na Impormasyon ay hindi pa nabunbunyang at sa loob ng makatwirang panahon kasuonod ng pasisiwalat ng impormasyong ito. Karaniwan, ang isang "sapat na panahon" ay dalawang (2) araw ng pagnenegosyo.

(2) business days. The purpose of the Blackout Period is to allow the market to fully reflect the Material Information in the price of the Company's securities. The Information Officers, in consultation with Company's Senior Management, will be responsible for setting the length of the Blackout Period and notifying Employees and Restricted Persons of it.

The Information Officer will consider setting, and advising of, specific and routine Blackout Periods for routine and scheduled material announcements, such as quarterly and annual financial information; for example, employees who have access to any of the Company's financial and/or material information should be subject to a regular Blackout Period commencing two months into a fiscal quarter and ending two (2) days following the date of public disclosure of its quarterly or year end results.

23. Insider Trading Reports

Directors, senior officers and persons beneficially owning or controlling 10% or more of the voting rights of the Company are required to file insider trading reports within 10 days of a change in their ownership position in any securities of the Company (this includes the grant of options or other convertible securities to such persons or the exercise by them of such options or convertible securities). Such persons are also required to file an "initial" insider report within ten days of the date on which the person or the Company became an insider (an initial report is not required, however, when a person becomes an insider if he/she has no direct or indirect beneficial ownership, control or direction over securities of the Company). If a person falls into one of these categories, that person likely will be required to file insider trading reports in other provinces and should consult the Information Officer as soon as possible whenever the individual trades securities to confirm his/her statutory obligations.

Ang layunin ng Panahon ng Blackout ay upang hayaan ang merkado na maipakitang ganap ang Materyal na Impormasyon sa presyo ng securities ng Kumpanya. Ang mg Opisyal ng Impormasyon, sa pagkonsulta sa Mataas na Pangasiwaan ng Kumpanya, ay responsable sa pagtatakda ng haba ng Panahon ng Blackout at pagpapaalam nito sa mga Empleyado at Mga Restriktadong Tao.

Ang Opisyal ng Impormasyon ay isasaalang-alang ang pagtatakda, at pagpapayo ng, partikular at regular na Panahon ng Blackout para sa karaniwan at nakaiskedyul na materyal na anunsyo, tulad ng tatluhang-buwan at taunang pinanyasal na impormasyon; halimbawa, ang mga empleyado na nakakagamit sa alinmang pinansiyal at / o materyal na impormasyon ng Kumpanya ay dapat na sumasailalim sa isang regular na Panahon ng Blackout na nagsisimula dalawang buwan papasok sa fiscal quarter at sa pagtatapos ng dalawang (2) araw kasunod ang petsa ng pagbubunyag sa publiko ng kanilang mga resulta na pang tatluhang-buwan o sa pagtatapos ng taon.

23. Mga Ulat Kalakalan ng Tagaloob

Ang mga direktor, mataas na opisyal at mga taong nakikinabang sa pag-aari o pagkokontrol sa 10% o mahigit ng karapatang bumoto sa Kumpanya ay kinakailangang mag-sumite ng mga ulat kalakalan ng tagaloob sa loob ng 10 araw mula nang pagbabago sa kanilang posisyon bilang nagmamay-ari sa anumang mga securities ng Kumpanya (kabilang dito ang pagkakaloob ng mga pagpipilian o iba pang convertible securities). Ang mga gayong mga tao ay kinakailangan ding mag-sumite ng "paunang" ulat ng tagaloob sa loob ng sampung araw mula sa petsa kung saan ang nasabing tao o ang Kumpanya ay naging isang tagaloob (gayunman, ang paunang ulat ay hindi kinakailangan kapag ang isang tao ay magiging tagaloob, kung siya ay walang direkta o hindi direktang pag-aari, kontrol o direksyon sa mga securities ng Kumpanya). Kung ang isang tao ay napasailalim sa isa sa mga kategoryang ito, malamang kakailanganin niyang mag-sumite ng mga ulat ng kalakalan ng tagaloob sa ibang mga lalawigan at dapat siyang kumunsulta sa Opisyal ng Impormasyon sa lalong madaling panahon tuwing ang indibidwal ay nakikipagkalakal sa mga securities upang kumpirmahin ang kanyang mga legal na obligasyon.

24. Penalties

When Employees or Restricted Persons violate this policy, it causes damage to the Company's reputation and / or violation to legal requirements. As a result, the Company may take its own disciplinary actions, which could result in termination of employment or implementation of a probationary period. The Company is also entitled to pursue legal remedies through the courts. If appropriate, the Company will also report the matter to the appropriate regulatory authorities.

The prohibition against trading on (or informing other with respect to) Undisclosed Material Information as set forth in Canadian securities legislation can be enforced through a wide range of penalties, including: (a) fines and penal sanctions; (b) civil actions for damages; (c) an accounting to the Company for any benefit or advantage received; and (d) administrative sanctions by securities commissions, such as cease trade orders and removal of exemptions.

25. Policy Review and Oversight

The Company will review this policy as required to ensure that it is achieving its purpose. Insider reporting and trading of the Company's securities are reviewed on an annual basis by Company's Senior Management to ensure compliance with securities law and the Company's policy. Based on the results of the review, the policy may be revised accordingly. The CFO shall be responsible for initiating the review.

The CFO, subject to the approval of the directors of the Company, shall have overall responsibility for developing and implementing this policy, monitoring the effectiveness of and compliance with this policy, educating the Company's directors, officers and employees about the policy and monitoring the Company's website.

24. Mga Parusa

Kapag nilabag ng mga Empleyado o Restriktadong Tao ang patakarang ito, nagiging sanhi ito ng pinsala sa reputasyon ng Kumpanya at / o paglabag sa mga legal na kinakailangan. Bunga nito, maaaring gumawa ang Kumpanya ng sariling pagdidisiplina, na maaaring magresulta sa pagwawakas ng katungkulan o pagpapatupad ng isang panahon ng pagsubok. Ang Kumpanya ay may karapatan ding magtaguyod ng mga legal na remedyo sa pamamagitan ng korte. Kung naaangkop, mag-uulat din ang Kumpanya ng bagay na ito sa angkop na mga awtoridad ng regulasyon.

Ang pagbabawal laban sa pakikipagkalakalan sa (o pagpapaalam sa iba hinggil sa) Di-ibinunyag na Materyal na Impormasyon na nakasaad sa mga batas ng securities ng Canada ay maipapatupad sa pamamagitan ng malawak na hanay ng mga parusa, kabilang ang mga: (a) multa at parusang pagdidisiplina; (b) aksyong sibil para sa mga pinsala; (c) pagtutuos sa Kumpanya para sa anumang benepisyo o bentahe na natanggap; at (d) pang-administratibong parusa sa pamamagitan ng mga komisyon ng securities, tulad ng utos sa pagpapatigil ng kalakalan at pagtanggap ng mga pagpaparaya.

25. Pagsusuri sa Patakarang at Pagkakamali

Susuriin ng Kumpanya ang patakarang ito kung kinakailangan upang matiyak na nakakamit nito ang kanyang layunin. Ang pag-uulat at pakikipagkalakalan ng tagaloob sa mga securities ng Kumpanya ay sinusuri sa taunang batayan ng Mataas na Pangasiwaan ng Kumpanya upang matiyak ang pagsunod sa mga batas sa securities at patakarang ng Kumpanya. Batay sa mga resulta ng pagsusuri, ang patakarang ay mababago nang naayon. Ang CFO ay magiging responsable sa pagpapasimula ng pagsusuri.

Ang CFO, sa pahintulot ng mga direktor ng Kumpanya, ay magkakaroon ng kabuuang responsibilidad sa pagbubuo at pagpapatupad ng patakarang ito, pagsubaybay sa pagiging epektibo ng at pagsunod sa patakarang ito, pagtuturo sa mga direktor ng Kumpanya, opisyal at empleyado tungkol sa patakarang at pagsubaybay sa website ng Kumpanya.

SCHEDULE "A"
DEFINITIONS

"Blackout Period" means the period during which Employees and Restricted Persons are prohibited from trading in the Company's securities;

"Disclosure Officers" means the individuals who are responsible for communicating with analysts, the news media and investors and ensuring that other Employees do not communicate confidential information about the Company;

"Employee(s)" means all directors, officers of, and individuals currently employed by the Company and its subsidiaries, who may become aware of Undisclosed Material Information;

"Exchange" means the Toronto Stock Exchange and any other stock exchange on which securities of the Company are listed from time to time;

"Information Officers" means the individuals whom Employees or Restricted Persons may contact to determine whether or not they may execute trades in the market or reveal Undisclosed Material Information in the necessary course of business;

"Material Change" means a change in the business, operations or capital of the Company that would reasonably be expected to have a significant effect on the market price or value of any of the securities of the Company and includes a decision to implement the change by the directors of the Company or by senior management of the Company who believe that confirmation of the decision by the directors, as applicable, is probable;

"Material Fact" means a fact that significantly affects or would reasonably be expected to have a significant effect on the market price or value of the Company's securities;

ISKEDYUL "A"
MGA KAHULUGAN

"Panahon ng Blackout" nangangahulugang ang panahon kung saan ang mga Empleyado at Restriktadong Tao ay ipinagbabawal na makipagkalakalan sa mga securities ng Kumpanya;

"Mga Opisyal ng Pagbubunyag" nangangahulugang mga indibidwal na responsable sa pakikipag-ugnayan sa mga analista, ang naghahatid balita at namumuhunan at tinitiyak na ang iba pang mga Empleyado ay hindi magpapabatid ng kumpidensyal na impormasyon tungkol sa Kumpanya;

"Empleyado (mga)" nangangahulugang lahat ng mga direktor, opisyal ng, at indibidwal na kasalukuyang ini-employo ng Kumpanya at ang kanyang mga sangay, na maaaring malaman ang Di-Ibinunyag na Materyal na Impormasyon;

"Exchange" ay ang Toronto Stock Exchange at iba pang mga stock exchange kung saan ang mga securities ng Kumpanya ay nakalista paminsan-minsan;

"Mga Opisyal ng Impormasyon" nangangahulugang mga indibidwal na siyang makaka-ugnay ng mga Empleyado o Restriktadong Tao upang malaman kung sila ay makapagkalakal o hindi sa merkado o makasisiwalat ng Di-Ibinunyag na Materyal na Impormasyon sa kailangang takbo ng negosyo;

"Materyal na Pagbabago" nangangahulugang pagbabago sa negosyo, pagpapatakbo o kapital ng Kumpanya na makatwirang maaasahan na magkakaroon nang malaking epekto sa presyo sa merkado o halaga ng anumang mga securities ng Kumpanya, at kasama ang desisyon na ipatupad ang pagbabago sa pamamagitan ng mga direktor ng Kumpanya o ng mataas na pangasiwaan ng Kumpanya na naniniwalang ang kumpirmasyon sa desisyon sa pamamagitan ng mga direktor, kung naaangkop, ay magagawa;

"Materyal na Katotohanan" nangangahulugang isang katotohanan na matinding naka-aapekto o makatwirang maasahan na magkakaroon ng matinding epekto sa presyo sa merkado o halaga ng securities ng Kumpanya;

"Material Information" means any information (Material Fact or Material Change) relating to the business and affairs of the Company that results in or would reasonably be expected to result in a significant change in the market price or value of any of the Company's securities;

"Pending Material Developments" means a proposed transaction of the Company that would constitute Material Information; however, a decision to proceed with the transaction has not been made by the directors or by senior management of the Company, although there is an expectation of occurrence from the directors;

"Restricted Persons" means:

- (a) Directors, officers and senior management of the Company; and
- (b) Employees who are routinely in possession of Undisclosed Material Information; and

"Undisclosed Material Information" means Material Information pertaining to the Company that has not been publicly disclosed or information that has been publicly disclosed, but a reasonable period of time for its dissemination has not passed.

"Materyal na Impormasyon" nangangahulugang anumang impormasyon (Materyal na Katotohanan o Materyal na Pagbabago) na may kaugnayan sa negosyo at mga gawain ng Kumpanya na nagreresulta sa o makatwirang maaasahan na nagreresulta sa isang matinding pagbabago sa presyo sa merkado o halaga ng anumang mga securities ng Kumpanya;

"Mga Nakabinbin na Materyal na Pag-unlad" nangangahulugang isang inirekomendang transaksyon ng Kumpanya na magiging Materyal na Impormasyon; gayunman, ang isang desisyon upang magpatuloy sa transaksyon ito ay hindi pa ginagawa ng mga direktor o ng mataas na pangasiwaan ng Kumpanya, bagama't mayroong pag-aasam na mangyari ito mula sa mga direktor;

"Mga Restriktadong Tao" nangangahulugang:

1. Mga direktor, opisyal at mataas na pangasiwaan ng Kumpanya; at
2. Mga Empleyadong nakasanayang nagtataglay ng Di-Ibinunyag na Materyal na Impormasyon; at

"Di-Ibinunyag na Materyal na Impormasyon" ay Materyal na Impormasyon na kaugnay sa Kumpanya na hindi pa naibubunyag sa publiko o impormasyon na kung saan ay isiniwalat na sa publiko, ngunit ang makatwirang panahon para sa kanyang pagpapalaganap ay hindi pa lumipas.

SCHEDULE "B"

EXAMPLES OF POTENTIALLY MATERIAL INFORMATION

The following are examples of the types of events or information that may be material. This list is not exhaustive.

Changes in Company Structure

- changes in security ownership that may affect control of the Company
- major reorganizations, amalgamations, or mergers
- take-over bids, issuer bids, or insider bids

Changes in Capital Structure

- the public or private sale of additional securities
- planned repurchases or redemptions of securities
- planned splits of securities or offerings or warrants or rights to buy securities
- any security consolidation, security exchange, or security dividend or distribution
- changes in the Company's distribution payments or policies
- the possible initiation of a proxy fight
- material modifications to rights of security holders

Changes in Financial Results

- a significant increase or decrease in near-term earnings prospects
- unexpected changes in the financial results for any periods
- shifts in financial circumstances, such as cash flow reductions, major asset write-offs or write-downs
- changes in the value or composition of the Company's assets
- any material change in the Company's accounting policy

ISKEDYUL "B"

MGA HALIMBAWA NG POTENSIAL NA MATERYAL NA IMPORMASYON

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga uri ng pangyayari o impormasyong maaaring materyal. Ang listahang ito ay hindi komprehensibo.

Mga Pagbabago sa Istruktura ng Kumpanya

- mga pagbabago sa pagmamay-ari ng security na makaaapekto sa kontrol ng Kumpanya
- mga pangunahing reorganisasyon, pagsasanib o pag-iisa
- mga alok sa pagkuha ng kontrol, ng pag-iisyu, o alok ng tagaloob

Mga Pagbabago sa Istruktura ng Kapital

- ang pampubliko o pribadong pagbebenta ng karagdagang mga securities
- binalak na muling pagbili o pagtubos ng mga securities
- binalak na mga paghihiwalay ng mga securities o mga pag-aalok o mga utos o karapatan upang bumili ng mga securities
- anumang pagsasama-sama ng security, pagpapalitan ng security, o dibidendo ng security o pamamahagi ng security
- mga pagbabago sa mga pamamahagi ng kabayaran o patakaran ng Kumpanya
- ang posibleng pagpapasimula ng isang proxy fight
- materyal na pagbabago sa mga karapatan ng mga nagtataglay ng security

Mga Pagbabago sa mga Resultang Pinansyal

- isang matinding pagtaas o pagbawas sa mga malapit nang kikitain
- mga di-inaasahang pagbabago sa mga resultang pinansiyal para sa anumang panahon
- mga pagbabago sa mga pangyayaring pinansyal, katulad ng pagbawas sa pagdaloy ng pera, malaking asset write-offs o write-downs
- mga pagbabago sa halaga o komposisyon ng mga ari-arian ng Kumpanya
- anumang mga materyal na pagbabago sa patakaran ng pagtutuos ng Kumpanya

Changes in Business and Operations

- any development that affects the Company's resources, technology, products or markets
- a significant change in capital investment plans or corporate objectives
- major labour disputes or disputes with major contractors or suppliers
- significant new contracts, products, patents, or services or losses of significant contracts or business
- changes to the board of directors or executive management, including the departure of the CEO, CFO, or President (or persons in equivalent positions)
- the commencement of, or developments in, material legal proceedings or regulatory matters
- waivers of ethics and conduct rules for directors, officers and other key employees
- any notice that reliance on a prior audit is no longer permissible
- de-listing of the Company's securities or their movement from one quotation system or exchange to another

Mga Pagbabago sa Negosyo at Operasyon

- anumang pag-unlad na naka-aapekto sa mga mapagkukunan, teknolohiya, produkto o merkado ng Kumpanya
- isang matinding pagbabago sa mga plano hinggil sa kapital na pamumuhunan o layunin ng korporasyon
- mga malaking pagtatalo sa paggawa o pagtatalo sa mga malalaking kontratista o tagapagtustos
- mga bagong malalaking kontrata, produkto, patente, o serbisyo o pagkalugi ng malalaking kontrata o negosyo
- mga pagbabago sa lupon ng mga direktor o ehekutibong pangasiwaan, kabilang ang paglisan ng CEO, CFO, o Pangulo (o mga taong nasa katumbas na posisyon)
- ang pagsisisimula ng, o mga pag-unlad sa, mga materyal na legal na paglilitis o mga bagay hinggil sa regulasyon
- mga pagpapaubaya ng mga patakaran sa etika at pag-aasal para sa mga direktor, opisyal at iba pang mahalagang empleyado
- anumang abiso na ang pagtitiwala/pag-asa sa isang dating pagsusuri ay hindi na mapapahintulutan
- pag-aalis sa listahan ng securities ng Kumpanya o ang paglipat ng mga ito mula sa isang quotation system o exchange patungo sa isa

Acquisitions and Dispositions

- significant acquisitions or dispositions of assets, property or joint venture interests
- acquisitions of other companies, including a take-over bid for, or merger with, another company

Changes in Credit Arrangements

- the borrowing or lending of a significant amount of money
- any mortgaging or encumbering of the Company's assets
- defaults under debt obligations, agreements to restructure debt, or planned enforcement procedures by a bank or any other creditors
- changes in rating agency decisions
- significant new credit arrangements

Other

- any other developments relating to the business and affairs of the Company that would reasonably be expected to significantly affect the market price or value of any of the Company's securities or that would reasonably be expected to have a significant influence on a reasonable investor's investment decisions.

Mga Pagkuha at Disposisyon

- mga malalaking pagkuha o disposisyon ng mga pag-aari, ari-arian o interes sa pakikipagsosyo
- mga pagkuha ng iba pang mga kumpanya, kabilang ang mga alok sa pagkuha ng kontrol para sa, o pagsasanib sa, isa pang kumpanya

Mga Pagbabago sa mga Areglo sa Kredito

- ang paghiram o pagpapahiram ng malaking halaga ng pera
- anumang pagsasanla o pagpipigil sa mga ari-arian ng Kumpanya
- mga pagpalya sa pagbayad ng mga utang, sa mga kasunduan sa muling pagsasaayos ng utang, o nakaplanong pamamaraan ng pagpapatupad ng bangko o iba pang mga nagpapautang
- mga pagbabago sa mga desisyon ng ahensyang nagbibigay grado
- mga malaki at bagong areglo sa kredito

Iba pa

- iba pang mga pag-unlad kaugnay sa negosyo at mga gawain ng Kumpanya na makatwirang maaasahan na makaaapekto nang malaki sa presyo sa merkado o halaga ng anumang mga securities ng Kumpanya o na makatwirang maaasahan na maka-iimpluwensya nang malaki sa mga namumuhunan at kanilang makatwirang desisyon sa pamumuhunan.